# Libreng Serbisyong Legal sa Imigrasyon sa SJSU

## Sentro ng Dulugan ng Mag-aaral ng UndocuSpartan

**Available nang walang bayad ang mga direktang serbisyong legal sa imigrasyon sa LAHAT ng mag-aaral, kamakailang alumni, at empleyado ng CSU, at kanilang direktang pamilya.** Sa San Jose State University, maaaring magpa-iskedyul ang mga indibidwal ng appointment sa isang abogado sa imigrasyon mula sa Immigrant Legal Defense (ILD), isang nonprofit na ahensiyang nakatuon sa pagbibigay ng mga libreng serbisyong legal sa imigrasyon.

**Makakapagbigay ang ILD ng mga konsultasyon at pangangatawan sa kaso sa karamihan ng mga kaso sa imigrasyon. Kabilang sa mga serbisyo (ngunit hindi limitado sa mga ito) ang:**

- Mga Screening para sa Pagiging Kwalipikado para sa Kaluwagan sa Imigrasyon
- Pagdedepensa laban sa pag-deport (korte) habang nakakulong at hindi nakakulong
- Deferred Action for Childhood Arrival (DACA)
- Maagang Parole (paglabas mula sa kulungan nang may mga kondisyon)
- Pansamantalang Protektadong Katayuan (TPS, Temporary Protective Status) o Ipinapagpalibang Pinapatupad na Pag-alis (DED, Deferred Enforced Departure)
- Special Immigrant Juvenile Status (SIJS)
- Mga petisyon sa pamilya
- Mga U at T visa
- Mga petisyon sa VAWA
- Refugee/Asylum
- Mga Aplikasyon para sa Legal na Katayuan Bilang Isang Permanenteng Residente
- Pagkamamamayan (Citizenship)

IMMIGRANT LEGAL DEFENSE

**LIBRE ang mga serbisyo para sa LAHAT ng mag-aaral, kamakailang alumni, tauhan, at guro ng SJSU, at kanilang direktang pamilya.**

Maaari kang humiling ng suporta sa pagsasalin sa form ng intake para sa appointment.

**Para humiling ng appointment, bisitahin ang UndocuSpartan website sa:**
**sjsu.edu/undocuspartan/**

Makipag-ugnayan sa Sentro ng Dulugan ng Mag-aaral ng UndocuSpartan kung mayroon kang anumang tanong.

*UndocuSpartan Student Resource Center, San Jose State University*
*One Washington Sq, San Jose, CA 95192-0196*
*Clark Hall 100 F/G* ***Ph:*** *408-924-2762* ***E*** *undocuspartan@sjsu.edu*

## Mga Madalas Itanong

**Sino ang makakagamit ng Mga Serbisyong Legal sa Imigrasyon sa SJSU?**
LAHAT ng mag-aaral, kamakailang alumni, tauhan, at guro ng SJSU, at kanilang direktang pamilya (kabilang ang mga magulang, kapatid, asawa, anak, at/o legal na tagapangalaga). Available sa buong taon ang mga serbisyo.

**Paano ako magpaparehistro para sa appointment sa mga serbisyong legal?**
Maaaring humiling ang mga indibidwal na makipagkita sa isang abogado ng Immigrant Legal Defense (ILD) sa pamamagitan ng aming website sjsu.edu/undocuspartan/ sa ilalim ng Tulong (Help) > Mga Serbisyong Legal (Legal Services) na tab.

**Maaari ba akong makipagkita sa abogado sa imigrasyon sa ibang oras maliban sa mga naka-iskedyul sa petsa kung nagmamadali ang kaso ko?**
Oo naman. Maaaring ipaalam sa amin ng mga indibidwal kung anong oras ang pinakamabuti para sa kanila sa seksyon ng mga komento sa form ng pag-sign up. Maaaring mag-email sa amin ang mga indibidwal sa undocuspartan@sjsu.edu para sa higit pang impormasyon.

**Paano magaganap ang mga appointment?**
Lahat ng konsultasyon ay gagawin sa pamamagitan ng telepono o zoom hangga't may bagong abiso.

**Paano ako magpapa-iskedyul ng appointment para sa isang miyembro ng pamilya? Hal. Magulang/tagapangalaga, kapatid, asawa, anak**
Maaaring mag-sign up sa ngalan ng mga miyembro ng pamilya ang mga mag-aaral, kamakailang alumni, tauhan, at guro. Kapag nag-iiskedyul ng appointment, mangyaring tiyaking ilagay ang pinipiling impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga miyembro ng pamilya para pwedeng makipag-ugnayan sa kanila nang direkta ang ILD sa oras ng appointment.

**Kailangan ko bang magbayad para sa konsultasyon o pangangatawan sa isang kaso sa imigrasyon?**
Hindi. Libre ang lahat ng konsultasyon, appointment, at pangangatawan sa kaso sa mga mag-aaral, kamakailang alumni, tauhan, at guro ng SJSU, at kanilang direktang pamilya. Ang gastos lamang ng kliyente ay posibleng mga bayarin sa imigrasyon.

**Maaari ba akong humiling na makipag-usap sa isang abogado gamit ang wikang hindi Ingles?**
Oo. Gagawin ng ILD ang makakaya nito para magbigay ng abogadong gumagamit ng hinihiling na wika, o magbibigay ito ng propesyonal na tagasalin para suportahan ang anumang wika kapag hiniling ito. Mangyaring gamitin ang seksyon ng komento sa form ng intake para ilagay ang iyong pinipiling wika para sa konsultasyon at kung kailangan ng anumang karagdagang akomodasyon para sa appointment.

**Ano ang Mga Screening para sa Pagiging Kwalipikado para sa Kaluwagan sa Imigrasyon?**
Maaaring humiling ang mga indibidwal na hindi mamamayan ng U.S. ng appointment para matuto tungkol sa kanilang pagiging kwalipikado para sa mga kasalukuyang katayuan sa imigrasyon na nagbibigay sa kanila ng daan patungo sa Permanenteng Paninirahan (Permanent Residency), pagkamamamayan, o ibang uri ng

kaluwagan sa imigrasyon. Makakatanggap din ang mga kliyente ng impormasyon sa mga susunod na hakbang na gagawin para magpatuloy sa kanilang kaso.

**Alumni ako; maaari pa rin ba akong makatanggap ng libreng legal na suporta sa pamamagitan ng Mga Serbisyong Legal ng CSU?**
Oo. Maaaring i-access ng mga kamakailang alumni na nagtapos sa nakaraang dalawang taon ang Mga Serbisyong Legal sa Imigrasyon ng CSU sa pamamagitan ng ILD.

**Kung nakipagkita na ako sa ibang abogado sa imigrayson, magagamit ko pa rin ba ang Mga Serbisyong Legal sa Imigrasyon sa SJSU?**
Oo. May legal na karapatan ang mga indibidwal na humiling ng ikalawang legal na payo o baguhin ang kanilang mga legal na kinatawan kung gugustuhin nila.

**Mayroon bang available na pagpopondo para sa mga mag-aaral ng SJSU para saklawin ang $495 na DACA application fee?**
Oo, available ang pagpopondo para sa mga mag-aaral na nakarehistro sa SJSU. Hindi kwalipikado ang mga miyembro ng pamilyang hindi nakatala sa SJSU para tumanggap ng gawad, pero maaari silang direktang magtanong sa ILD para malaman kung may ibang pinansiyal na suportang available sa labas ng SJSU campus. Para humiling ng tulong sa bayarin ng DACA sa pamamagitan ng SJSU, pakisagutan ang aming form ng kahilingan (dapat ay naka-sign in ka sa iyong SJSU email). I-access ang Kahilingan para sa Tulong sa Bayarin ng DACA (DACA Fee Assistance Request) dito: https://forms.gle/Mu1afH4bw36pQDHd8

**May limitasyon ba sa dami ng appointment na pwedeng gawin sa ILD?**
Wala. Maaari kang humiling ng appointment na kailangan sa ILD hanggang sa kung gaano karami ang kinakailangan, sa pamamagitan ng USRC man o direkta sa iyong abogado sa ILD.

*UndocuSpartan Student Resource Center, San Jose State University*
*One Washington Sq, San Jose, CA 95192-0196*
*Clark Hall 100 F/G* ***Ph:*** *408-924-2762* ***E*** *undocuspartan@sjsu.edu*